

Pagpapabuti ng Karanasan sa Parke Para sa Lahat

Programa sa Akses at Kaligtasan ng Golden Gate Park



Ang Programa sa Akses at Kaligtasan ng Golden Gate Park ay isang pakikipagtulungan sa pagitan ng SFMTA at ng SF Recreation and Park Department (RPD). Nagpapanukala ang programang ito ng mga pagbabago sa kasalukuyang car-free na ruta na nakapipigil sa paglusot ng trapiko, nagpapabuti ng kaligtasan sa trapiko, nagpapahusay ng karanasan sa parke, at nagdadagdag ng akses sa parke – lalo na para doon sa mga may mataas na hadlang sa akses.

Isasaalang-alang ng programa ang isang malawak na saklaw ng mga panukala upang pabutihin ang akses, pagkapatas, at kadalian ng pagkilos sa parke. Isang panukalang programa ang ihahatid sa Lupon ng mga Superbisor sa Taglamig ng 2021/22 na inalam sa pamamagitan ng teknikal na pagsusuri at input ng mga staff na tinipon sa pamamagitan ng proseso ng outreach sa publiko.



Ang mga pagpapabuti ay itutuon sa aksesibilidad sa mga mahahalagang destinasyon sa parke



Ang mga pagpapabuti ay itutuon sa kaligtasan at karanasan sa parke para sa mga taong tumatakbo, lumiligid, at naglalakad

Tag-araw - Taglagas 2021

Pampublikong Outreach at Pagsusuring Teknikal

Taglamig 2021/22

Panukala at Lupon ng mga Superbisor

Tagsibol 2022

Pagpapatupad at Pagsusuri

Tungkol sa Golden Gate Park

- Halos 7 milyon ang bumisita sa JFK na bahagi ng car-free na ruta simula ng ito ay isara. Ito ay 36% **higit** sa pang-araw-araw na bisita sa parke kumpara noong bago ito isara
- 93.4% ng regular na paradahan sa karaniwang araw sa loob ng parke ay magagamit pa
- Bago naging car-free, 75% ng pakanluran na biyahe ng mga sasakyan sa JFK ay papunta sa ibang lugar sa Siyudad, hindi para pumunta sa parke
- Walang mga banggaan ng trapiko na nagresulta sa pinsala sa JFK na bahagi ng car-free na ruta
- Ang JFK Drive ay 9.6% lamang ng mga daanan sa parke


Car-Free na Ruta ng Golden Gate Park

Sa pagsisikap na gumawa ng mas ligtas na mga espasyo para sa mga tao upang maglibang sa panahon ng patugon ng Siyudad sa COVID-19, mayroon isang halos car-free na ruta mula sa isang dulo ng parke hanggang sa kabilang dulo, mula sa Stanyan Street sa silangang dulo ng parke, hanggang sa Ocean Beach at Great Highway sa kanlurang dulo.



Mga Ideya upang Pabutihin ang Kaligtasan sa Trapiko at Akses sa Parke

Batay sa trabaho ng Golden Gate Park Stakeholder Working Group, na pinamumunuan ng San Francisco County Transportation Authority, upang pabutihin ang akses, pagkapatas, at kadalian ng pagkilos, ipinapanukala namin:

 ADA Parking Pagbibigay nga mas maraming espasyo para sa ADA sa parke	 Hintayan ng Taxi sa Parke Bagong hintayan para sa mga taxi at paratransit sa Music Concourse	 Park Shuttle I-upgrade ang umiiral na umiikot na shuttle sa loob ng parke	 Mga Pedicab Payagan ang serbisyong pedicab sa loob ng parke	 Pagtugon sa kasikipan At iba pang mga problema at interseksyon sa loob at malapit sa parke
 Bagong mga Serbisyo ng Bike at Scooter Share Magkabit ng mga bagong bike rack at mga istasyon ng bikeshare, pagpayag sa bikeshare, dockless bikeshare, at scooter share sa loob ng parke	 Mga Pagpapabuti sa Fulton Street Pagsasakay, akses sa transit, at mas maraming ADA parking	 Pinabuting Direksyon Upang matulungan ang mga nagmamaneho na makarating sa garahe at sa parke ng ligtas	 Mga Opsyon sa Akses sa Daanan Mga pagbabago sa mga daan sa parke upang magbigay ng akses sa mga mahahalagang destinasyon habang pinapanatili ang karanasan sa parke	 Concourse Garage Libreng-magagamit na 15-minuto na lugar ng pagbaba at angkop na singil sa pagparada sa Concourse garage

MAKATUTULONG ANG TEKNIKAL NA PAGSUSURI AT PAMPUBLIKONG INPUT SA PAGDEDESISYON KUNG ALING MGA DAAN ANG DAPAT NA ISARA SA MGA SASAKYAN PAGKATAPOS NG COVID.

Ibahagi ang inyong mga naiisip sa amin sa GPAAccess@sfmta.com | rpinfo@sfgov.org

Matuto ng higit pa at mag-sign-up para sa mga balita tungkol sa proyekto sa sfmta.com/accessGGP | sfrecpark.org/accessGGP

311 Free language assistance / 免費語言協助 / Ayuda gratis con el idioma / Бесплатная помощь переводчиков / Libreng tulong para sa wikang Tagalog / Trợ giúp Thông dịch Miễn phí / Assistance linguistique gratuite / 無料の言語支援 / 무료 언어 지원 / การช่วยเหลือทาง ด้านภาษาโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย / خط المساعدة المجاني على الرقم

Car-Free na Ruta ng Golden Gate Park

- Mga Daan na Sarado sa mga Sasakyan
- Pinagbabahaginang mga Daan
- Mga Daang Bukas sa mga Sasakyan

